

Pagiging Handa sa Lindol

Alamin ang iba pang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga flyer:

- Mga Supply na Pang-emergency
- Pagiging Handa sa Kalamidad para sa mga Indibidwal at Pamilya
- Pagiging Handa sa Bahay

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Take5toSurvive.com

Mga Karagdagang Mapagkukunan

Taon-taon sa buwan ng Oktubre, libo-libong taga-Oregon ang gumagawa ng "Dumapa, Magtakip, at Humawak" sa The Great Oregon ShakeOut, ang pinakamalaking drill para sa lindol sa estado. Hikayating sumali sa amin ang iyong mga kaibigan at katrabaho! Mag-sign up sa www.ShakeOut.org.



Join Us
in the
World's Largest
Earthquake Drill.



Gusto mo bang subaybayan ang mga lindol nang real time? Tingnan ang pinakahuling mapa ng mga lindol ng USGS: <https://earthquake.usgs.gov/earthquakes/map/>

Nangyayari ang mga lindol dito sa Washington County

Mula noong 2010, apat na lokal na lindol ang yumanig sa Washington County. Noong 1700, naramdaman sa buong Pacific Northwest ang isang malakas na lindol mula sa Cascadia Subduction Zone, isang fault na 600 milya ang haba na kahilera ng mga baybayin ng Oregon at Washington. Lumikha ito ng 40 magnitude 8 o 9 na lindol nitong huling 10,000 taon.



(Itaas) Mayroong ilang fault sa Washington County at sa paligid nito. (Left) Ang Cascadia Subduction Zone ay umaabot nang 600 milya sa kahabaan ng mga baybayin ng Washington at kayang makagawa ng pinakamalalakas na lindol sa mundo.

Bago ang isang lindol


Para sa sarili mo

- **Magtipon** ng 2 linggong supply ng pagkain at tubig na pang-emergency (basahin ang Take 5 flyer na Mga Supply na Pang-emergency).
- **Ihanda** ang bahay mo para sa lindol: www.bit.ly/2rAnRrQ
- **Mag-aral** ng isang kasanayan sa pagliligtas ng buhay gaya ng first aid.
- **Sumali** sa isang Community Emergency Response Team o magboluntaryo sa isang grupo sa komunidad na nakatuon sa kalamidad.
- **Basahin** ang Living on Shaky Ground: Paano Makakaligtas sa mga Lindol at Tsunami sa Oregon www.bit.ly/2NmFAS5

Kasama ang iyong pamilya at mga kapitbahay

- **Kausapin** ang iyong pamilya tungkol sa mga dapat gawin kapag nagkaroon ng lindol. Sama-samang magplano.
- **Makisalamuha** at makipag-usap sa iyong mga kapitbahay. Magdaos ng isang preparedness BBQ o game night at pag-usapan ang tungkol sa mga ginagawa ninyong pagsisikap na maghanda para sa lindol.
- **Mag-practice** ng Dumapa, Magtakip, at Humawak taon-taon sa www.ShakeOut.org
- **Tumukoy** ng isang contact sa ibang bayan kung sakaling abala ang linya ng komunikasyon sa inyong lugar. Matutong gumawa ng isang emergency communications plan sa ready.gov/make-a-plan
- **Pag-isipang** kumuha ng insurance para sa lindol. Ang karaniwang homeowners insurance ay hindi sumasakop sa mga pinsalang dulot ng lindol.

Kapag may lindol



Dumapa! Magtakip! Humawak!

Sa loob ng bahay

Dumapa sa iyong mga kamay at tuhod, takpan ang iyong ulo at leeg, humawak sa isang bagay na matatag at manatili roon hanggang tumigil ang pagyanig. Ang pagyanig ng lupa ay maaaring magtagal nang hanggang anim na minuto."

Sa labas ng bahay

Kung ligtas mong magagawa ito, pumunta sa isang lugar na walang bumabagsak na mga bagay na maaaring tumama sa iyo, pagkatapos ay Dumapa, Magtakip, at Humawak.

Malapit sa baybayin ng isang pampang



Sa sandaling ligtas nang maglakad, pumunta sa mas mataas na lugar. Gamitin ang isang ruta sa paglikas palayo sa tsunami.

Kapag tumigil na ang pagyanig



Tingnan kung may mga panganib at pinsala.



Tingnan kung may nasaktan at tulungan ang iba.



Kumustahin ang pamilya at mga kapitbahay.



Maging handa para sa mga aftershock.